



## **Doon po sa Amin sa Tundo: May Hirap, May Buhay, May Tambay**

### **Isang Pagkukwento**

Venarica B. Papa

Assistant Professor of Community Development  
College of Social Work and Community Development  
University of the Philippines Diliman  
Quezon City, Philippines

Araw ng Linggo, papunta sa bahay ng aking pinsan. Birthday niya at nakantiyawan akong hindi na 'ko nadadalaw sa kanila. Sa araw na 'to, naisip ko, gusto ko siyang pagbigyan. Makadalaw na rin sa iba pa naming kamag-anak, at mabisita ang lugar ng kabataan ko.

Hawak ko sa kamay ang anak ko, pumasok kami sa masikip na eskinita. Marami kaming nadaanang kung anu-ano -- nakakulang labada na nakasalansan sa yero, laruang bisikleta ng bata, mga basurahang balde takip-takip ng mga palanggana, tulog na aso, dumi ng aso, tumatawid na pusa, mga bangkitong di pantay ang mga paa, halaman sa paso, basag na paso, halamang wala sa paso. Hindi lahat ito ay kalat. Makipot lang talaga ang eskinita, kaya sa mata ng dadaan, kalat at nakahamabalang sila. Ang sikreto, mahusay ka dapat umiwas, magpaekis-ekis ng paglalakad, at maging alisto, makararating ka rin sa pupuntahan mo nang wala ng nadadanyos at di ka nasasaktan.

Sa kalagitnaan ng kahabaan ng eskinita, may apat na lalaking nakahubad, nakaupo sa maliliit na mga bangkong nakapalibot sa maliit na mesang may nakapatong na gin, platito ng mani at basong maliit. Napahigpit ang kapit ng anak ko sakín. Ibinalik ko ang higpit ng kapit sa kanya sabay tagtag ng bahagya. Senyas ko yun na ayos lang, wala siyang dapat ipag-alala. Bata pa kasi siya nang lumipat kami sa ibang lungsod para manirahan, at malamang ay hindi na pamilyar sa lugar na binibisita.



Nang mas malapit na kami, bumati ang isang lalaki. “Magandang tanghali, ‘nak! Kumusta ka na?” Napatingin sa akin ang anak ko, para bang nagtatanong, “Sino siya, ‘Ma?”

Si Tito Edgar pala. Barkada ng tiyuhin ko at ninong ng pinsan ko. Naging manliligaw din daw ng nanay ko. Hindi ko naman siya kamag-anak, pero tito ang tawag ko.

Nagmano ako, sabay sabing “Ok lang po. Kumusta na po kayo?” Hindi ko rin naalis magbiro, “Ang aga niyan, tito ha!” Ngumiti lang siya at kinusot ang buhok ko.

Nagpatuloy kami ng anak ko sa aming paglalakad at nang malapit na kami sa bahay ng pinsan ko ay may biglang bumunghalit na *videoke*. Pagkalakas-lakas. Sinabayan pa ng iyak ng isang bata sa katabing bahay at tawanan ng mga kababaihang nagkukuwentuhan sa isang umpukan. Sabay-sabay na ingay na para kang kinukulong, umaalingawngaw sa makipot na lugar at magkakatabing pader na nakapaligid sa amin.

Dito ako lumaki at nagkaisip. Sa masisikip na eskinita ng Tundo.

### ***Silang mga tambay...***

Kailan lang, naging laman ng balita ang mga tambay. Isang “crackdown” ang iniutos ng presidente laban sa kanila dahil potensiyal raw silang maging sanhi ng mga kaguluhan.

Naalala ko si Tito Edgar at ang marami pang mga tambay na nakalakihan at nakilala ko. Makikita mo sila sa mga kanto, sa harap ng kani-kanilang mga bahay, sa harap ng mga tindahan, sa labas ng palengke, sa harap ng simbahan, sa panaderya, at pati man sa rotonda.

Madami talagang tambay sa Tundo. Mga nakapambahay, minsan nakahubad, mga naka- tsinelas, meron ding mga naka-paa. Minsan grupo- grupo, meron ding nag-iisa. Minsan nag-iinuman; pag walang wala, kahit kuwentuhan na lang ang puhunan sa harapan. Meron din namang mga nagmumuni-muni lang, nagpapalipas ng bagot, o kaya nama’y naghihintay sa paglubog ng araw.



Dating OFW si Tito Edgar. Apatnapung taon sa Saudi. Nagsimula bilang construction worker, hanggang naging bisor na sa kumpanya nila. Ipinilit idaos ang pag-aaral ng mga anak niya. Nurse na ngayon ang panganay at ahente ng isang call center ang bunso.

Kahit noong nagsa-Saudi pa siya, tuwing uuwi si Tito Edgar, makikita mo siyang nakatambay kasama ang mga kababata niya. Nagkukuwentuhan. Binabalikan ang kanilang kabataan. Ang mga kapilyuhan sa eskwela. Mga natupad o nabigong pangarap. At pagpapalano sa mga susunod pang pagkikita.

Tulad ng sabi ko, marami sila. Marami sa kanila, Tito o Kuya ang turing ko. Hindi man lahat ay kamag-anak, kinamulatan ko silang bahagi ng komunidad ko, at bahagi ng buhay ko.

Hindi ko makakalimutan, si Tito Ging. Kapatid ng nanay ko. Umaga palang, pupwesto na sa kantong malapit sa palengke. Nakaabang lang. Oo, nakaabang. Nakaabang sa mga pagkakataon na magkaroon ng “kita”. Pagkakataon ang tawag natin. Tsamba ang tawag nila.

Maka-tsamba na may magpatawag ng taxi, o magpatulong magbuhat ng mga pinamalengke, o magpababa ng mga paninda, at pagkatapos, kahit papaano ay maabutan sila. Sa unang “abot” sa kanya nakaasa ang almusal ni Tito Ging. Depende kung magkano, pwedeng lugaw, o kapag sobrang barya, kape at ampaw.

Mas mahabang panahon nga sigurong walang regular na trabaho si Tito Ging. Sa pagkaka-tanda ko, naging security guard siya sa isang eskwelahan sa Quezon City. Sinibak nang magkaron ng inspeksiyon at nakita ng bisor ang mga *tattoo* niya. Naging *bouncer* din sa isang *club* sa Ermita, ngunit minsang nagkaron ng gulo dahil may customer daw na nambabastos sa isang *waitress*, pumagitna siya. Nalaman ng manager, sibak ulit siya. Hindi na yata siya ulit humanap ng trabaho matapos nun. Basta ang pinaka-tanda ko sa pagtambay niya, sa tuwing papasok ako noon sa eskwela, sasamahan niya ako sa sakayan ng *jeep*,



ipapara, at pag ‘pasakay na ako, sasabihan ang *driver*: “Pare, pamangkin ko yan ha, pakibaba nalang sa Lakan Dula<sup>1</sup>”.

Araw-araw yun. Lahat yata ng dumaang *jeep*, kumpare niya ang *driver*. Lagi akong nakabilin. At lagi akong matiwasay na nakararating sa eskwela. Minsan hindi pa ako pinagbabayad ng *driver* na ikinatutuwa ko naman dahil pambili din ng puto at sopas ang natitipid ko sa pamasaha. Sa mga araw na nakabibili ako ng pang-*recess*, hindi ko kinakain lahat. Itinitira ko lagi ang kalahati at ipinapasalubong kay Tito Ging.

Hindi nagpamilya si Tito Ging. Lagi niyang sinasabi noon, “Sarili ko nga hindi ko mapakain eh, magdadamay pa ako ng iba?” Tumanda siyang nakatira sa mala-kahong kwarto na itinayo ng barangay bilang “*detention room*”. Nakapatong lang ito sa makitid na bangketa, may pintong rehas, walang bintana at walang sariling kubeta. Pinayagan siya ng barangay na dun manirahan dahil kakilala naman siya at madalas tumutulong sa pagroronda. Isang araw, matanda na ako, at hindi na sa Tundo nakatira, nakita daw si Tito Ging na nakataob sa papag niya, nilalanggam ang mga sugat. Hindi na humihinga.

Si Mang Atong. Barkada siya ng papa ko. Dyanitor sa Lakan Dula. Sa karaniwang araw, makikita mo siyang laging may hawak na *mop*, walis o basahan, palipat -lipat sa mga kwarto ng eskwelahan habang recess o lipatan ng klase. Pag oras nang uwian, nasa gate siya ng eskwelahan, tumutulong sa paggabay sa mga naglalabasang estudyante at nag-iintay na mga magulang.

Tambay din siya. Tuwing Sabado at Linggo, makikita mo siya sa kanto ng callejon nila. Kung masikip ang eskinita sa amin, hamak na mas masikip itong callejon nila. Hindi man lang magkasya ang dalawang tao kung sila’y magsasalubong. Kailangan pareho silang tumagilid para makaraan at magkasya.

---

<sup>1</sup> Lakan Dula Elementary School – isa sa mga matatandang eskwelahang pang elementarya sa Gagalangin,



Minsan, hindi dumating ang lolo ko para sunduin ako. Palibahasa bata pa, Grade 1 yata ako nun, natakot ako. Paubos na halos ang mga ka-eskwela ko. Wala na ring mga magulang na naghihintay sa labasan. Nung nagsisimula na akong maniwala na nakalimutan na ako nang lolo ko at hindi na niya ako susunduin, nagpalahaw na ako sa pag-iyak. Nakita ako ni Mang Atong. Inalo niya ako, sabay sabing “Huwag ka nang umiyak, ihahatid nalang kita matapos kong magsara ng kwarto ng *principal*.” Panay ang pasalamat ng mga tiyahin ko kay Mang Atong nang makarating ako sa bahay. Nagkasakit pala ang lola ko at sinamahan ng lolo ko siyang magpatingin sa center kaya hindi na ako nasundo. Mula noon, sa tuwing takot akong maiwan mag-isa sa eskwelahan, hinahanap ko si Mang Atong. Nalaman ko ring marami akong kaklase na kapitbahay niya na madalas ding sumasabay sa kanya pag-uwi dahil walang mga magulang na susundo sa kanila.

Nasa kolehiyo na ako nang magulat akong mabasa ang buong pangalan ni Mang Atong sa diyaryo. Isinilid sa drum saka sinimento, kasama ang iba pa. Ang sabi sa diyaryo, mga miyembro daw sila ng akyat-bahay *gang* na “nagka-bukulan”<sup>2</sup>.

Naka-kuwentuhan pa namin ang asawa ni Mang Atong ilang taon matapos maibalita sa diyaryo ang pagkamatay niya. Ang sabi ni Ate Siony, nag-*resign* si Mang Atong sa pagdya-dyanitor dahil hindi sumasapat ang kita nito para sa limang anak nila na nagsisipag-aral. Pumasok raw ito bilang pintor sa iba’t ibang konstruksiyon, na sa bandang huli ay nakabuo ng isang grupo na kasa-kasama niyang naghahanap ng mga trabaho at kontrata sa pagpipintor.

Napasok daw ng isang miyembro ng sindikato ang grupo ni Mang Atong. Kinumbinsi silang mag-akyat-bahay.<sup>3</sup> Magandang paraan daw ang pangongontrata sa pagpipintor para mapasok ang mga kabahayang nanakawan. Tumanggi si Mang Atong na maging bahagi nito.

---

<sup>2</sup> Bukulan – salitang ginagamit kapag nagkaron ng dayaan o lamangan sa isang transaksyon.

<sup>3</sup> Akyat bahay – katawagan sa mga sindikatong pinapasok ang mga kabahayan para nakawan



Huli siyang nakitang nakahubad at nakatambay sa kanto ng kanilang callejon na may kausap na lalaki, parang nakikipagtalo. Kinabukasan nailathala na sa balita ang kanyang di kanais-nais na pagkamatay.

Si Tito Ben, ninong ng kapatid ko. Matalik na kaibigan ni Papa. Nung kabataan nila, ang tawag sa kanya intsik beho<sup>4</sup>. Kung hindi siya magsasalita, iisipin mong purong intsik siya. Dahil dito madalas siyang pinagtatampulan ng katatawanan at pangungutya.

Kumpara sa iba, may-kaya ang pamilya ni Tito Ben sa Tundo. Iilan ang katulad niya sa kanilang henerasyon sa lugar na nakapagtapos ng pag-aaral. Graduate siya ng kursong *commerce* sa Philippine College of Commerce (PCC).<sup>5</sup> Sa kabila nito, naging mahirap para sa kanya na makahanap trabaho. Palibhasa nga, kahit madalas ginagawang katatawanan ang hitsura niya, hindi naman siya handa na tanggapin na lang ang mga pangmamaltrato. Sa bawat pagkakatong ipagtatangol ang sarili, dahil din taga-Tundo, madalas nasa kanya ang sisi pag may basag-ulo.<sup>6</sup> Palibhasa daw taga-Tundo, hinuhusgahan siyang madalas na basagulero, patapon o lasenggo.

Bandang huli, sinukuan na ni Tito Ben ang pagtatanggol sa sarili. Sa halip, siya ay naging tagahanga ng mga malalaking kwento ng swerte: iyong mga nanalo ng *big-time* sa karera, mga naka-jackpot sa pagbola ng *sweepstakes*, nakapulot ng maleta ng pera, nakapag asawa ng milyonaryo, o nanaginip ng numero sa jueteng at nanalo nang malaki. Nauwi si Tito Ben sa pag-uubos-oras at sa pagtambay sa mga pasugalan, pagbabantay sa labas ng bola ng *sweepstakes*, na sa kalaunan ay pati na rin lotto; at pangangarap. Umaasang darating din ang araw ng swerte niya; ang araw na uunlad siya nang hindi kailangang ipagtanggol at ipaglaban ang sarili.

---

<sup>4</sup> Intsik beho – tukso sa mga chinoy na mas matinkad ang pagka Intsik kesa pagka Pinoy

<sup>5</sup> PCC – ang dating pangalan ng Polytechnic University of the Philippines (PUP)

<sup>6</sup> Basag-ulo – away, suntukan, sakitan



Si Kuya Restie, isang tambay sa rancho.<sup>7</sup> Dahil may polyo, hirap humanap ng trabaho. Sa pagtambay niya sa rancho ay umaasa siyang mababalatuhan ng mga mananalo. Kapalit nito, nauutusan siyang bumili ng meryenda o palamig ng mga tao dito. Tanda ko siya dahil sa tuwing kasama ko ang lola ko mula sa pamamalengke, kahit gaano siya kalayo, hahabol at hahabol siya para lang magmano.

Matagal nang nagsara ang rancho. Matagal ko na ring hindi nakikita si Kuya Restie. Huling balita, lumipat na raw siya ng tamabayan. Madalas daw siyang makita sa may San Lazaro<sup>8</sup> nung nandun pa ang mga kabayo.

Si Kuya Joseph, tambay sa palengke at taga kolekta ng kaning baboy.<sup>9</sup> Sabi ng nanay ko noon, sa tuwing nag-iinarte ako sa pagkain o nagtatangkang itapon ang pagkain na hindi ko gusto, mahiya daw ako sa balat ko, napakarami daw tao na salat sa pagkain. Kung ayaw ko daw kainin, huwag kong itapon, pakinabangan man lang ng baboy ni Kuya Joseph.

Kilala ang pamilya nila Kuya Joseph na nagkakatay ng baboy minsan isang taon. Dahil maliit lang naman ang bahay nila, isa-isang baboy lang ang kaya nilang alagaan. Yung pagkakatay nila minsan sa isang taon at ang pagbebenta nito ang tumutustos sa pamumuhay ng tatlong kapatid ni Kuya Joseph at sa nanay niyang may sakit. Naalala ko nun, kami pati ang mga kapitbahay namin ay may hiwalay na tapunan ng mga tirang pagkain. Nakahintay yun sa pagdaan ni Kuya Joseph para mangolekta, na araw-araw niyang ginagawa.

Matanda na si Kuya Joseph nung huli ko siyang makita, nakatapos na raw ng high school yung tatlong kapatid niya, at ang nanay niya, namayapa na . Hindi na siya nag-aalaga ng baboy. Mas lalo daw kasing maliit yung bahay na tinitirhan niya ngayon. Pero nandun pa

---

<sup>7</sup> Rancho – ang tawag sa lugar kung saan may bukis ng karerahan

<sup>8</sup> San Lazaro – ang lugar sa Tundo kung saan nandun ang totoong karerahan ng kabayo. Nawala rin ang karerahan at pinalitan ito ng isang malaki at kilalang mall

<sup>9</sup> Kaning baboy – pagkain para sa baboy; mga tirang paninda sa palengke o lutong ulam na kinokolekta para ipakain sa alagang baboy



rin siya parati sa tambayan niya. Dun na raw siya tumanda, at malamang dun na mamatay, biro niya. Mas kumportable pa daw siya dun kesa sa bahay niya ngayon.

Merong nga ding isang lalaki na tumanda na at nagkapamilya sa pagtambay sa amin, sa kantong malapit sa simbahan kasama ang kariton niya. Dati raw siyang may bahay sa kantong iyon. Hindi kanya yung lupa, kaya nung naibenta, pina-giba ng bagong may-ari ang bahay niya. Dahil wala namang pang-upa, gumawa na lang ng kariton sa konting naipon.

Hindi ko na nalaman ang pangalan niya pero alam ko, marami ang may tiwala sa kanya. Madalas kasi sa mga namamalengke, nag-iiwan ng mga bitbitin nila sa kanya at babalikan nalang pag tapos nang mag-ikot at mamili. Tulad din kasi ng mga eskinita sa amin, masikip ang mga pasilyo sa palengke. Mahirap mag-ikot nang maraming bitbit. Gawi rin ng nanay ko na mag-iwan ng gamit sa kanya at parati namang kumpleto ang gamit na iniwan namin kapag binalikan at kinuha na.

Ang nakakatuwa, hindi siya naniningil sa serbisyong ito. Matapat niyang binabantayan ang mga gamit nang may malasakit at walang inaasahang kapalit. Ang hihingin lang niya sayo, kapag meron kang sirang payong o kaya'y gusto mong magpa-linis o magpagawa ng sirang sapatos, sa kanya mo ipagawa.

Naaalala ko pa na sa tuwing dadaan kami noon sa kanya, aabutan siya ni mama ng isang piling ng saging o tatlong pirasong itlog para sa mga anak niya. Sabi ni mama, hindi daw limos yun, pakikisama.

Giniba ulit yung bahay na nakatayo sa kantong tinatambayan ng pamilya niya. Hindi nagtagal, isang mataas na building ang lumitaw sa kantong iyon. Nawala na rin yung lalaki, ang pamilya niya at ang kariton.

Marami pa sila at marami rin sa kanila a hindi ko na maaalala ang pangalan. Pero lahat sila, ang mga kwento nila at kung paano ko sila nakasalamuha noong aking kabataan,





naaalala ko pa. Lalo ngayon. Lalo na ngayon na madalas mapag-usapan at madyaryo ang mga tulad nila.

### ***Kahirapan ang nag-aanak ng tambay...***

Patuloy ang pagtugtog ng videoke. Sa bahay pala ng pinsan ko iyon nanggagaling. Lahat ng bisita bigay-todo sa pagkanta, pinapapak ang kanta nila Engelbert Humperdinck at Tom Jones. Meron ding *sing-alike* nina Karen Carpenters, Claire Dela Fuente at Imelda Papin. Nakaramdam ako bigla ng saya at na may kahalong pangungulila.

Nung buhay pa kasi ang mga tita ko, tuwing Linggo, libangan namin ang magkantahan. Walang kailangang imbitasyon, nagkakatipun-tipon kaming magpi-pinsan; kasama ang ilan pang kapitbahay, at tutuloy na sa unli-kantahan.

Matagal -tagal ko nang hindi nararanasan ‘to. Walang pagkakataong magsaya nang ganito sa tinitirhan ko ngayon. Wala akong malalapit na kamag-anak at ni hindi ko kakilala ang mga kapitbahay ko.

Sa gitna ng pagtugtog ng videoke, narinig ko ulit ang pag-iyak ng bata. Tinanong ko ang pinsan ko kung hindi ba magagalit ang mga kapitbahay sa sobrang lakas ng tugtog namin. Sagot niya, “Sinong kapitbahay ang magagalit? Eh ayan sila o, nakapila number sa videoke,” sabay tawa. Sa labas ng bahay niya, nandun sila, nakatumpok sa eskinita, may pinapapak na mga ulam, may softdrinks at tsitsirya, habang sa paligid nila ay naglalaro ang mga bata.

Ganito nga noon sa amin, sumasaya ‘pag nagsasama-sama. Kahit madalas mga walang pera, kapag nagkita-kita kasi sa labas ng bahay, wala mang maghamon, siguradong masisimulan ang mga buhay na buhay na kuwentuhan at kantahan.

Noong mga panahong iyon, ang konsepto ko ng mayaman ay may sariling bahay na; higit sa isang palapag ang tirahan, may mga kuwarto, may banyo, may palikuran, may *gate*,



maraming halaman sa hardin at may magandang aso na nang hahabol kapag nagkamali kang madikit sa bakod nila.

Konti lang ang tinitingnan naming mayaman noon. Kasama dito si Attorney. Malaking lalaki si Attorney; at madalas lumalabas ng bahay niya na naka-robe at may subong pipa. May anak siyang dalaga na kina-iinggitan naming magpipinsan. Napakaganda kasi niya, mahaba ang buhok, maputi, makinis ang balat at laging malinis ang damit. Lagi niyang hawak ang aso niyang maliit. Tuwing dadaan kami sa bahay nila, sisilip at sisilip kami hanggang tahulan kami ng aso naman nilang nakatali malapit sa *gate*.

Mabait si Attorney at ang anak niya. Madalas pag nakikita nila kaming magpipinsan na naglalaro o nakatambay sa harap ng bahay nila, papapasukin nila kami, paiinum ng “*Tang orange*” at bibigyan ng mga biskwit na noon lang namin matitikman.

Ngayon ko lang nababalikan, noon ngang mga bata kami, mas madalas kami sa labas ng bahay kesa sa loob. Madalas kasi noon maririnig mo ang lola namin na tumatalak habang at kahit pagkatapos maglinis: “Wag na kayong magkalat! Napakahirap maglinis ng sahig. Doon na kayo maglaro sa labas!” Hindi naman masungit ang lola namin. Totoo lang ang sinasabi niya. Yung sahig kasi na nililinis niya, yun din ang tulugan namin. Kaya tuwing hapon, lalampasuhan niya yun at sisiguruhing handa nang latagan ng manipis na kumot at salansanan ng mga unan.

Madami kaming nakatira noon sa bahay na iyon; kasama na ang lolo at lola ko, dalawang tiyuhin, isang tiyahin, dalawang pinsan, ang mama ko at ang kapatid kong mas bata sa akin. Ang “bahay” na ito ay isa lang sa mga magkakadikit at magkakapatong na bahay sa kanto ng Kalye Bato. Lahat ay gawa sa kahoy. Nasa ikalawang palapag kami; sina Lola Memang ang nakatira sa silong, sila Lolo Ipe sa kadikit na bahay at sa ilalim naman nila ay ang pamilya ng kalaro kong si Madelaine. Walang kuwarto ang bahay na ito. Meron lang dibisyon na kurtina para sa higaan ng tiyahin ko. May kusinang hindi na namin nagagamit



dahil parang lulubog na ito at babagsakan ang kuwarto nila Lola Memang. Hindi na rin namin magamit ang liguan at kubeta dahil katabi ito ng kusina at kasama sa nagbabadyang lulubog nang parte ng bahay. Ang liguan namin ay sa baba ng hagdan. Oo, sa pasukan at labasan. Hagdan ang nagiging taguan. Kaya pag may maliligo bawal lumabas o pumasok. Maghihintay kang makapagbihis ang naliligo bago buksan ang pinto. Nakaabang kami noong magpipinsan, tuwing may maliligo, sisiguruhin naming nasa labas na kami. Mas madaling maiwan sa labas, malawak ang laruan. Pag sa loob, napakakipot ng kikilusan, at maingay ang lola namin na laging nagpapa-alalang wag kaming maglikot at dinig sa baba ang mga yabag namin.

Sa tuwing magbabayad ng upa sa bahay, isinasama ako ng lola ko. Babalakin niyang banggitin ang mga sira ng bahay. Pero lagi niyang hindi ito nasasabi sa may-ari; nauuna kasing maiyak siya tuwing susumbatan kaming kulang ang ibinabayad na upa.

Kung tutuusin, malaki na ang bahay na ito kesa sa karamihan. Yung sa isang kalaro ko noon, pagpasok mo ng bahay nila, nakita mo na lahat. Bawal magpasok ng tsinelas kasi yung kapisasong lapag<sup>10</sup> nila, yun na ang kanilang kainan, tulugan at liguan. Wala silang palikuran. Parang sa amin din, sa arinola nagkakatalo ang lahat. Sila lang, walang hagdan na taguan. Kaya pag kailangan, lalabas lahat para makapaglabas ng “sama” ng loob ang tinawag ng kalikasan.

Meron din akong mga kalarong nakatira sa katulad ng tinirhan ni Tito Ging. Mainit pag tag-araw, basa ang dingding pag tag-ulan.

May isang bahay kami noon na laging pinupuntahan. Meron itong malalaking *flower box* sa harapan na may tanim na malalagong bongambilya<sup>11</sup> na iba’t ibang kulay ang

---

<sup>10</sup> Lapag - sahig

<sup>11</sup> Bongambilya - bougainvillea



bulaklak. Maraming gamit sa amin ang mga bulaklak na iyon; pang adorno sa buhok at sa damit, kunwaring gulay pag naglutu-lutuan o panulat pag naubusan ng *chalk*.

Pangarap naming magpipinsan noon ang magkaroon ng sariling bahay, ng sariling hardin, ng sariling malawak na laruan. Magkukunwari kami na yung mga *flower box* na yun ang kuwarto namin. Tag-iisa kami. Ang mga puno ang sabitan ng mga gamit, ang sementadong parte ang kama at upuan, ang mga tangkay ng bongambilya ang kurtina at pintuan. Mapuputol lang ang pangarap kapag lumabas na ang matandang bantay ng bahay at itataboy kami. Marami siya parating sinasabi, hindi na namin iniintindi. Kasi pag labas niya may hawak lagi siyang aso na nagngangalit sa pagkahol at gustong makakawala sa pagkaka-tali.

Pinaka-ayaw naming panahon ang gabing maalinsangan. Hindi ko alam kung hindi pa uso ang bintilador noon, o wala lang kami. Sa gabing maalinsangan, halos walang hangin na pumapasok sa loob ng bahay, pinapawisan kami nang malagkit; at nag-papalitan lang sa pamaypay ng lola namin. Kung minsan, dahil hindi talaga kayang tiisin ang init, magpapasya si mama na dalhin kami sa rotunda. Madami kaming magkakalaro na magkikita-kita roon. Sama-samang nagpapalipas ng oras at init, maghihintay ng hamog, o nag-iintay datnan ng antok; alin- man ang mauna, saka lang mag-uuwian sa kanya- kanyang bahay at matutulog nang hindi naabala ng init at alinsangan.

Ngayon lang na binabalikan ko na, naiisip kong bihira ko nga makita sa loob ng bahay ang dalawang tiyuhin kong doon din nakatira. Madalas uuwi sila nang gabing-gabi na at matutulog nalang; hihigaan anumang maliit na espasyong wala pang nakahiga. Pag gising sa umaga, mag-iigib ng tubig at aalis na. Madalas din silang talakan ng lola ko. “Kayo, lagi nalang kayong nasa labas ng bahay, uuwi kayo ni hindi na kumakain, matutulog nalang”. Hindi naman pumapatol ang mga tiyuhin ko, madalas idinadaan sa biro ang sagot nila tulad ng: “Pag nagtagal ako dito sa loob, magkakapalit-palit tayo ng mukha, sayang naman ang



gandang lalaki ko,” “Paano kung may magsabog ng biyaya sa labas, nakakulong tayong lahat dito sa loob ng bahay, maiiwan tayo sa kangkungan,” o di kaya, “Pag umuwi ako nang maaga, aalukin niyo pa kong kumain, hahati pa ako sa pagkain na pinagkakasya niyo nalang. Ok na ko sa labas, madaming madidiskarteng makakainan, wag niyo na akong kulitin”. Malambing kong naririnig ang mga sagot na ito noon. Ngayong inuulit ko na sa sarili ko, nararamdaman ko, hindi pala siya biro o lambing lang. Meron palang hugot, may konting kirot, parang biro pero hindi; may timpla ng pait ng totoong buhay.

### ***Madami talagang tambay sa Tundo...***

Bata palang ako, napaliwanagan na ako ng tatay ko: ang tambay ay galing sa salitang istambay, na galing naman sa salitang Inggles na “*standby*”. *Standby*, pag-aabang, pag-iintay. Kung maniniwala ka sa mga salita ng malalaking tao na ipinapalabas sa mga balita sa diyaryo at telebisyon, ang tambay ay mga walang kuwentang tao.

Maraming tambay sa Tundo. Mga nakapambahay, minsan nakahubad, mga naka-tsinelas, meron ding mga naka-paa, minsan grupo-grupo, meron ding nag-iisa. Merong nag-iinuman, nagku-kuwentuhan, nagkakantahan, nagtsi-tsismisan, naglalaro, naghahanap ng lugar na pagpapahingahan, naghahanap ng mas malawak na laruan, naghahanap ng mas malaking kikilusan. Meron din namang mga nagmumuni-muni lang, nagpapalipas ng bagot, naglilibang, o naghihintay sa paglubog ng araw. At mayroon ding totoong nakatambay lang: naka-standby. Naghihintay; ng pagkakataon, ng pagkakakitaan, ng swerte, ng tyamba, ng pangtawid buhay.

Kapag nakikita mo kung paano i-trato ang mga hinuhuling tambay batay sa huling utos ng Malacanang, parang maniniwala ka, baka wala nga silang kuwenta.

Sinisita, ipinapahiya, kinakapakan, sinasaktan, binubugbog, pinapasok sa sariling lugar, hinuhuli kahit bumibili lang sa tindahan, o nakatayo sa harap ng sariling bahay, o naglalakad pauwi at napahinto lang sa anumang dahilan.



Umaangal, nagtatangkang mangatwiran, nagpipilit magpaliwanag, pero wala ngang kwenta kaya hindi pinakikinggan. Balewala kahit anong sabihin. ‘Pag nasugsog at napahiya ang nanghuli, sorry lang ang kapalit. Samantala, ang ilan sa kanila nagbuwis na ng buhay.

Sa loob lang ng halos isang linggo matapos ang utos ng Malacanang, iniuulat ng kapulisan na naka-aresto na sila ng halos tatlong libong tambay (Rappler, June 2018). Hindi ako magtataka kung kasama dun ang maraming tambay sa Tundo.

Habang nag-iisip ako sa kawawaan ng utos na ito, nakakaramdam ako ng galit. Naalala ko si Tito Ging, si Mang Atong, si Tito Edgar, si Tito Ben, si Kuya Restie, at Kuya Joseph, ang mamang ilang beses nang nawalan ng bahay at piniling tumira sa kariton kasama ang pamilya niya.

Naalala ko ang paliwanag ng tatay ko. Hindi daw madaling gawain ang pagtambay, lalong mahirap itong maging trabaho.

Walang nasa katinuan ang pag-iisip na pipiliing sa labas sila ng bahay at titiisin ang alikabok at init kung mayroon silang pagpapahingahan sa loob. Walang pipiliing sa labas magkuwentuhan, maglibang, magpalipas ng oras o mag-inuman, kung pwede nila itong gawin sa kumportable at malamig na kuwarto. Walang magpapa-abot nang hating -gabi sa rotonda para magpalipas ng alinsangan kung kumportable ang tulugan nila sa loob ng bahay.

At lalong walang pipiliin na umasa ng kabuhayan sa patsamba-tsamba, sa pag-aabang ng mga suwerteng madalang pa sa patak ng ulan, at sa paghihintay ng mga pagkakataong kumita ng hindi tiyak kung darating man.

Madalas daw ang pagtambay ay hindi nagsisimula sa malaya at kusang loob na pagpili. Madalas itinutulak ito ng pagkakataon, ng sitwasyon. Madalas, itinutulak ito ng kawalan ng pagpipilian.



Pero tama, ang pagtambay ay nagiging kultura na. Nagiging gawi ng buhay. Tinatanggap at kinakasanayan. Hindi dahil tamad lang, hindi dahil walang pangarap o walang tyaga o walang pagpupursige kundi dahil nagsimula sa walang pagpipilian.

Parang multong tumambad sa akin ang isang realisasyon: kahirapan ang nag-aanak ng tambay. Kahirapan dahil sa kawalan ng pagkakaaton; kahirapan dahil sa kawalan ng pagpipilian. At hangga't nariyan ang kahirapan, anuman ang iutos ng Malacanang, anumang patakaran ang ipatupad, hindi mauubos ang tambay.

### ***Pag-alis at pagbabalik sa lugar ng mga tambay...***

Magdidilim na at bumubuwelo na kaming magpaalam ng anak ko sa pinsan ko. Biglang may tugtog ng mga musikero na narinig kami galing sa kanto. Katulad ng nakagawian, naglabasan kami ng bahay, at sinundan ang pinanggagalingan ng tugtog.

Prusisyon ng Nazareno papunta sa simbahan. Nakabungad ang mga musikerong galing sa mga komunidad ng Tundo. Malayo ang itsura nila sa mga propseyunal na musikerong mapapanood mo sa telebisyon o mga konsiyerto. Sa kinagisnan, ang mga ganitong musikero ay galing din sa mga tambay ng komunidad. Mga walang trabaho kaya madaling makapag-boluntaryo sa mga sibikong gawain. Habang naghihintay sa mga mas malalaking pagkakataon, mahalaga rin sa kanila ang makapaglingkod sa pananampalataya, at magkaroon ng libreng pagkain. Hindi naman maikakaila sa hitsura nila: mga nakapambahay, naka-tsinelas, hawak ang mga gawang-bahay na pamalo sa naglalakihang tambol, pinapawisan, may tibak ang mga paa, may bakas ng libag na hindi pa nababanlawan ng ligo, masigabong pumupukpok sa mga tambol nila para makagawa ng musika. Para makatawag ng atensiyon. Para maglabasan ang mga tao sa bahay at salubungin ang prusisyon.

Sa malaking kalsada lagi dumadaan ang prusisyon na kalsadang dinadaan rin ng mga sasakyan. Ang mga jeep na sanay na o kaya'y taga-roon din sa lugar ang kusang tumatabi para bigyang daan ang prusisyon. May ilang pribadong sasakyan na pilit sumisingit sa pila ng



mga tao at mga santong ipinaparada. Gumitna ang ilang kalalaking galing sa umpukan, sa tamabayan. Magalang na pinaliwanagan ang mga driver ng mga pribadong sasakyan. Pinakiusapan. Tumuloy ang prusisyon sa ruta papuntang simbahan. Patuloy din ang labasan sa kabahayan ng mga tao. Sumasalubong, nagbibigay galang, nagdadasal, o simpleng natutuwa sa panonood sa mga musikero at sa mga pinaparadang santo.

Sinabayan na namin ang dulo ng prusisyon sa pag alis....

Bata pa ako nang una kaming umalis ng Tundo, para lumipat ng tirahan. Maraming bagay ang nagtulak dito. Sa pananaw ko noon, pangunahin ang maya't mayang pagpapalayas sa amin ng kasera ng bahay na inuupahan. Akala ko rin, dahil ito sa dami ng daga na nakikitira sa kanal sa ilalim ng kuwarto naming magkapatid, o dahil sa malaking away nila Mama at Papa bago sila naghiwalay.

Nang may isip na ako, mas naintindihan ko na ang dahilan.

Bahagi si Papa noon ng kilusang lumalaban sa diktadurya. Katulad ng marami pa niyang kasama, tinutugis siya ng pulis, ng militar, ng mga ahente ng gobyerno at kahit ng mga sipsip na kapitan ng barangay. Sabi niya, mas madali sanang kumilos<sup>12</sup> sa Tundo dahil madami ang kasangga.

Tama naman. Natatandaan ko noon, sa ilang pagkakataon kaming walang pagkain sa bahay, may biglang darating na kapitbahay na magbibigay ng kanin at ulam. Ilang beses din kaming maiiwang magkapatid sa bahay nang walang kasamang nakatatanda, at ibinibilin lang kami kay Aling Maria na kapitbahay namin, o kay Kuya Nonong na parati lang nakatambay sa kanto.

Ilang ulit ring may mga hindi kilalang lalaki na umaaligid sa eskinita namin, at agad may magsasabi kay Papa na mag-ingat dahil nakita ang mga ito. Sa isang pagkakataon, muntik na silang mahuling magkasama ni Tito Nognog. Nakatakbo sila, pero tinamaan si Tito

---

<sup>12</sup> Kumilos – isakatuparan ang mga gawain sa kilusan; gumalaw; mabuhay





Nognog ng bala sa hita. Isang babae ang nagbukas ng pinto nila at pinatuloy sila Papa. Hindi nila kakilala ito, pero hinayaan nito silang makapag -tago sa loob ng maliit na bahay hanggang mawala ang mga tumutugis sa kanila.

Masarap sana talagang manirahan sa Tundo, lalo na kung taal<sup>13</sup> ka dito. Marami kang kasangga. Mga kapitbahay na magmamalasakit, mga kakilalang magliligtas sa iyo sa gutom o sa kapahamakan, mga kaibigan na handang samahan ka hanggang sa bingit ng kamatayan. At kahit hindi mga kakilala na nagmamalasakit sa kalugar at kabagang<sup>14</sup> nila.

Pero tulad din ngayon, ang Tundo, katulad ng iba pang mahihirap na komunidad, ay vulnerable sa mga mapangdahas na nasa kapangyarihan.

Katulad din ngayon, dahil walang malalaking bakod na nagsisilbing proteksiyon sa mga kabahayan, wala ring pagdadalawang-isip ang mga nasa kapangyarihan na pasukin ito sa anumang dahilang meron sila. Pwedeng mahirapang wasakin ng pananakot at pananakit ang pagmamalasakit ng mga kaanak at kapitbahay. Pero kapalit nito ay laging may masasaktan, o magbubuwis ng buhay.

Katulad din ngayon, pwedeng magsilbing mata ang mga tambay sa kanto para balaan ang mga pwedeng mapahamak sa mga operasyon ng *raid* bunga ng paghahabol sa kota o ng simpleng katuwaan. Pero sila rin ang pwedeng unang tamaan ng pananakit at kapahamakan.

Hindi gaanong pinalad si Papa nang sumunod silang tusugin ng militar. Nahuli siya, kasama ang isa pa, galing sa isang pulong sa Cainta. Nakulong siya, at katulad ng iba pa, nagdaan sa samu't saring pangdarahas sa kamay ng "kalaban". Kasama na dito ang mga berbal at hindi berbal na pananakot na pwede na silang hindi na buhayin at pwede ring idamay ang mga mahal nila sa buhay.

---

<sup>13</sup> Taal – lumaki at tumanda sa lugar ng kapanganakan

<sup>14</sup> Kabagang - katulad



Nang makalabas si Papa sa kulungan, trinabaho niya ang paglipat namin. Hindi ito naging madali dahil nangangahulugan ito ng pera, ng pagtira sa lugar na walang kakilala, bagong pakikisama at paglisan sa lugar na kinatandaan. Hindi naging madali, pero pinagsikapan ni Papa, para sa kaligtasan naming magkapatid at para wala nang madamay at mapahamak na mga kapitbahay, kaibigan at kaanak.

Nagpalipat-lipat kami sa maraming lugar, nagpalipat lipat din kaming magkapatid ng eskwelahan. Nagkaroon ng mga kaibigan sa iba't ibang lugar. Pero lagi't lagi, 'pag tinatanong kami kung saan kami galing, Tundo pa rin ang isinasagot namin.

Hanggang sa pagpapamilya ko, malaki ang naging kinalaman ng Tundo. Hindi madali ang maging isang solong ina, at sa tuwing kailangan ko ng ayuda, sa Tundo ako bumabalik para sa suporta ng mga kaanak at kaibigan. Nakikitira sa mga kaanak, bumabalik sa maliliit na eskinita.

Naalala ko pa kung paanong kapalitan ko sa pag-aalaga sa anak kong sanggol pa noon ay si Tito Dey. Galing sa pag-aabang ng mga pagkakakitaan sa pagtambay maghapon, uuwi siya ng alas-9 nang gabi at sasabihan akong matulog, na siya na ang bahala kay Maya. Si Cocoy na kababata koat binibiro kong sumapi na sa lupon ng tambay, ay pinagkakatiwalaan kong pag-iwanan kay Maya sa tuwing mamamalengke ako sa hapon. Si Daddy Bo naman, pinagpapalit-palit ang pagtambay, pagluluto sa bahay at pananahi ng daster ni Maya.

Ang binyag ng anak ko ay pinagtulungan ng mga kaanak at kapitbahay namin sa Tundo. Ang Tita Vengie ko ang gumastos para dito, mga kapitbahay ang nagluto, mga kaibigang tambay ang naglagay ng lona para bubungan ang maliit na eskinitang gagamitin sa salo-salo, at mga kaanak na nagdala ng kanya kanyang gamit na pwedeng ipagamit sa mga bisita sa kainan.



Noong maliit pa si Maya, at doon pa kami nakikitira sa bahay ng isang kaanak, laman siya ng eskinita. Kilala siya ng lahat ng kapitbahay. Walang anu-ano, may pagkain siyang dala, bigay daw ng kaibigan niya. Ang tawag sa kanya ay batang tambay.

Marami ding dahilan kung bakit nagpalipat lipat kami ng tirahan na mag-ina. Pero sinisikap ko na tulad ko, hindi malimot ng anak ko ang lugar at mga taong nagkaroon ng malaking kontribusyon sa buhay naming dalawa, mga kaanak, kaibigan, kabitbahay at mga tambay sa Tundo.

### *Ang tambay, ang kwenta at kwento ng buhay...*

Madami talagang tambay sa Tundo. Mga lalaki, mga babae, mga kabataan, kahit mga paslit na tulad namin ng anak ko noon. Mga nagpapahangin dahil maalinsangan sa loob ng bahay, nagpapahinga galing sa isang linggong pagta-trabaho, naglilibang, nakikipagkuwentuhan, naghihintay ng tsamba, umaasa sa suwerte, naghahanap ng madaliang pagkakakitaan.

Hindi ko alam kung ano ang ginamit na sukatan ng kwenta nila. Wala daw silang kwenta. Kwenta - halaga, importansiya. Ang alam ko lang, katulad nila Tito Ging, ni Mang Atong, ni Toto Edgar, ni Tito Ben, ni Kuya Restie at Kuya Joseph, ni Tito Dey, ni Daddy Bo, ni Cocoy, ni mamang kariton, at ng marami pang iba, may mga kwento sila. At ang mga kwentong iyon, iyon ang kwenta ng buhay nila.

### References

- Philippine Star. (2018). Retrieved June 29, 2018 from <https://www.philstar.com/headlines/2018/06/29/1829055/20-things-you-need-know-about-anti-tambay-drive>
- Rappler. (2018). Retrieved June 18, 2018 from <https://www.rappler.com/nation/205186-number-arrested-loiterers-metro-manila>